# *Paano Gumawa ng Tamang Pagpapasya Yugto 9*
# *Paano Tumutulong ang Simbahan sa mga Tao*

Kung paanong gumawa ng tamang pasya ay katulad sa tanong ng kung paanong tulungan ng simbahan ang mga tao. Sa mensaheng ito gagamitin natin ang Banal na Kasulatan mula sa Lumang Tipan, ***Exodu 18:13-25***, na nagsasabi tungkol sa pamumuno ni Moises sa mga Israelita at pag-aaaralan natin mula doon ang higit na tiyak na mga patakaran para sa pamumuno ng simbahan at kung paanong matutulungan ang mga tao ng Dios na gumawa ng tamang pasya.

***"13 At nangyari kinabukasan, na lumuklok si Moises upang hatulan ang bayan: at ang bayan ay tumayo sa palibot ni Moises mula sa umaga hanggang sa hapon." (Exodu 18:13 KJV)*** Ang mga Israelita ay nasa humigit kumulang sa 2-3 milyong populasyon at si Moises ay nag iisa na gumawa bilang isang hukom upang tulungan silang magpasya at matukoy kung ano ang kailangan nilang gawin. Makikita mo dito kung paano naging napakalapit ang mga tao kay Moises na itinakda ng Dios na mamuno sa kanila at tulungan silang gumawa ng tamang desisyon sa buhay. Nakikita mo rin kung gaano kasigasig si Moises na tulungan ang mga tao at tulungan sila sa kanilang mga desisyon. Nagkaroon ng pakikipag uganayan sa pagitan ng Dios at ni Moises, at sa pagitan ni Moises at ng mga tao. Nais ng Dios na makita ang parehong pakikipag ugnayan sa simbahan ngayon.

***"14 At nang makita ng biyanan ni Moises ang lahat ng kaniyang ginagawa sa bayan, ay nagsabi, Anong bagay itong ginagawa mo sa bayan? bakit nauupo kang magisa, at ang buong bayan ay nakatayo sa palibot mo mula sa umaga hanggang sa hapon?" (Exodu 18:14 KJV)*** Dito ang biyenan ni Moises nang nakita niya si Moises na nag-iisa kasama ng mga tao at wala ni isang tumutulong sa kanya, sinabi niya, ***"Anong bagay itong ginagawa mo sa bayan? bakit nauupo kang magisa, at ang buong bayan ay nakatayo sa palibot mo mula sa umaga hanggang sa hapon?"*** Sa gayong pagkawika pinayuhan niya si Moises na hindi niya dapat gawin iyon nang nag-iisa kundi magtatag ng ibang mga taong kasama niya na gawin ang parehong gawain at palawakin ang pamamahalang katawan sa iba pang mga tao sa gayo'y ang gawain ay maging madali at ang pasanin ay mabawasan kay Moises sa pagiging pinuno, at magiging madali sa mga tao. Nang sinabing, ***"at ang buong bayan ay nakatayo sa palibot mo mula sa umaga hanggang sa hapon?"*** ibig sabihin siya'y naglalaan ng mahabang oras sa mga tao at ito ay mahabang proseso at nagpahirap sa kanya at sa mga tao. Sa pagsusuri natin sa Banal na Kasulatan mapapagpasyahan natin ang sumusunod na mga patakaran ng pamunuan ng simbahan sa pagtulong sa mga tao na gumawa ng tamang pasya.

***1. Tulungan ang mga tao na magtanong sa Dios: "15 At sinabi ni Moises sa kaniyang biyanan, Sapagka't ang bayan ay lumalapit sa akin, upang sumangguni sa Dios." (Exodu 18:15 KJV)*** Malinaw na sinabi dito ni Moises na ang mga taong lumalapit sa kanya ay naghahanap upang sumangguni sa Dios ng mga bagay na kailangan nilang malaman. Isa sa pangungunahing mga pananagutan ng pinuno ng simbahan ay tulungan ang mga tao na malaman ang kalooban ng Dios at ituwid sila at disiplinahin sila na gawin ito. Ang pinuo ng simbahan ang dapat maging tulay para sa gayong layunin gaya ng mababasa natin dito: ***"8 Kung magkakaroon ng totoong mahirap na bagay sa iyo sa paghatol, na dugo't dugo, usap at usap, at bugbog at bugbog, na bagay na pagkakaalit sa loob ng iyong mga pintuang-daan, ikaw nga'y titindig at sasampa sa dakong pipiliin ng Panginoon mong Dios; 9 At ikaw ay paroroon sa mga saserdote na mga Levita, at sa magiging hukom sa mga araw na yaon: at iyong sisiyasatin; at kanilang ipakikilala sa iyo ang hatol ng kahatulan. 10 At iyong gagawin ayon sa tinig ng hatol, na kanilang ipakikilala sa iyo mula sa dakong yaon na pipiliin ng Panginoon; at iyong isasagawa ayon sa lahat na kanilang ituturo sa iyo: 11 Ayon sa tinig ng kautusan na kanilang ituturo sa iyo, at ayon sa kahatulan na kanilang isasaysay sa iyo, ay gagawin mo: huwag kang liliko sa hatol na kanilang ipakikilala sa iyo, maging sa kanan o sa kaliwa man." (Deutronomio 17:8-11 KJV)*** Lahat ng iyon ay upang tiyakin na ang bayan ng Dios ay malaman ang kalooban ng Dios at gawin ito at iyon ang pananagutan ng pamunuan ng simbahan at ang kanilang pamamahala. Kung mabigo ang simbahan na gawin iyon kung gayon binigo ng simbahan ang Panginoon at ang gawain na ipinagkatiwala sa kanila.

Bukod doon sa tiyak na panahon mayroong mga pangyayari upang magpasya kaya naman naglagay ang Diyos ng mga sanay na ma hukom na may Kanyang Salita upang magpasya para sa mga tao ng kung ano ang kailangan nilang gawin upang ang kalooban ng Dios ay matupad at malugod ang Panginoon sa Kanyang bayan. Hindi magagawa ng mga tao na mag isa iyon, kaya nga inilagay ng Dios ang kapangyarihan sa simbahan na gawin iyon at tulungan ang mga tao.

Sinuportahan din ng Dios ang simbahan ng kapangyarihan nang sinabi Niya, ***"12 At ang tao na gumawa ng pagpapalalo, sa di pakikinig sa saserdote na tumatayo upang mangasiwa doon sa harap ng PANGINOON mong Dios, o sa hukom, ay papatayin nga ang taong yaon: at iyong aalisin ang kasamaan sa Israel. 13 At maririnig ng buong bayan at matatakot, at di na gagawa pa ng pagpapalalo." (Deutronomio 17:112-13 KJV)*** Ang suportang iyon ay sumabay sa Salita ni Jesus sa ***Mateo 18:15-17***, ng kung paanong harapin ang kasalanan, para makinig ang mga tao sa pamahalan ng simbahan: ***"15 At kung magkasala laban sa iyo ang kapatid mo,***

***pumaroon ka, at ipakilala mo sa kaniya ang kaniyang kasalanan na ikaw at siyang magisa: kung ikaw ay pakinggan niya, ay nagwagi ka sa iyong kapatid. 16 Datapuwa't kung hindi ka niya pakinggan, ay magsama ka pa ng isa o dalawa, upang sa bibig ng dalawang saksi o tatlo ay mapagtibay ang bawa't salita. 17 At kung ayaw niyang pakinggan sila, ay sabihin mo sa iglesia: at kung ayaw rin niyang pakinggan ang iglesia, ay ipalagay mo siyang tulad sa Gentil at maniningil ng buwis."*** Kaya ang mga hindi makikinig sa simbahan na nagsasalita ng Salita ng Dios sila'y isasaalang-alang na di mga mananampalataya.

Iniutos din ng Dios sa mga hukom na maging matuwid sa paghatol:

***"15 Huwag kayong gagawa ng kalikuan sa paghatol: huwag kayong magtatangi ng pagkatao ng dukha, ni huwag ninyong pararangalan ang pagkatao ng makapangyarihan: kundi hahatulan ninyo ng katuwiran ang inyong kapuwa." (Levitico 19:15 KJV)*** Ang paghatol ay di dapat nakapabor sa mga tao para sa anumang kadahilanan, kundi dapat sundin niya ang mga tagubilin ng Salita ng Dios.

***2. Upang humatol:*** Ang humatol ay magpasya sa pagitan ng bawat usa at bigyan ang lahat ng kanyang karapatan at kung anong nararapat sa kanya. Sinabi ni Moises sa kanyang biyenang lalaki, ***"at aking hinahatulang isa't isa," (Exodu 18:16 KJV)*** Upang humatol ang simbahan ay dapat ipakita sa mga tao at tulungan silang malaman kung ano ang tama at mali. Ang responsibilidad ng simbahan ay ituro sa mga tao kung ano ang makaDios at kung ano ang di makadios at turuan silang makilala ang kaibahan ng banal at karaniwan tulad ng pagtuturo sa atin ng Salita ng Dios,***"23 At kanilang ituturo sa aking bayan ang pagkakaiba ng banal at ng karaniwan, at ipakikilala nila sa kanila ang marumi at malinis." (Ezekiel 44:23 KJV)***

Ang sumusunod ay isang halimbawa tungkol sa paggawa ng pagpapasya at ang tamang bagay na kailangang gawin ng mga tao: ***"1 to nga ang mga hatol na igagawad mo sa harap nila. 2 Kung ikaw ay bumili ng isang aliping Hebreo, ay anim na taong maglilingkod siya; at sa ikapito ay aalis siyang laya na walang sauling bayad. 3 Kung siya'y pumasok na magisa, ay aalis na mag-isa: kung may asawa ay aalis nga ang kaniyang asawa na kasama niya. 4 Kung siya'y bigyan ng kaniyang panginoon ng asawa, at magkaanak sa kaniya ng mga lalake, o mga babae; ang asawa at ang kaniyang mga anak ay magiging sa kaniyang panginoon, at siya'y aalis na magisa. 5 Datapuwa't kung maliwanag na sabihin ng alipin, Aking iniibig ang aking panginoon, ang aking asawa, at ang aking mga anak; ako'y hindi aalis na laya: 6 Kung magkagayo'y dadalhin siya ng kaniyang panginoon sa Dios, at dadalhin siya sa pinto, o sa haligi ng pinto; at bubutasan ng kaniyang panginoon ang kaniyang tainga ng isang pangbutas; at paglilingkuran niya siya magpakailan man." (Exodu 21:1-6 KJV)*** Ang simbahan ay turuan ang mga tao ng iba't ibang kautusan at dalhin ang mga ito sa Banal na Kautusan na tutulong sa kanila na malaman ang kanilang mga karapatan at ang kanilang mga tungkulin upang malaman nila ang iba't ibang isyu at kung paano malutas.

***"22 At kung may magbabag, at makasakit ng isang babaing buntis, na ano pa't makunan, at gayon ma'y walang karamdamang sumunod: ay tunay na papagbabayarin siya, ayon sa iatang sa kaniya ng asawa ng babae; at siya'y magbabayad ng ayon sa ipasiya ng mga hukom." (Exodu 21:22 KJV)*** Kung ang pagpapalaglag ay sumunod pagkatapos ng trauma, kung gayon ay ang asawa ng babae ay maglalagay ng isang tiyak na multa na kailangang bayaran ng nagkasala bilang sa wakas ay matukoy ng hukom.

Ito ay isa pang isyu at ang paghatol dito. May ipinagkatiwala ka sa isang tao at nawala niya ito: ***"7 Kung ang sinoman ay magpatago sa kaniyang kapuwa ng salapi o pag-aari, at nakawin sa bahay ng taong yaon; kung masumpungan ang magnanakaw, ay magbabayad ng ibayo. 8 Kung hindi masumpungan ang magnanakaw, ay lalapit ang may-ari ng bahay sa Dios, upang maalaman kung hindi niya pinakialaman ang pag-aari ng kaniyang kapuwa. 9 Sapagka't lahat ng bagay na pagsalangsang, maging sa baka, sa asno, sa tupa, sa damit, o sa anomang bagay na nawala, na may magsabi, Ito nga ay akin; ay dadalhin sa harap ng Dios ang usap ng dalawa; yaong parurusahan ng Dios ay magbabayad ng ibayo sa kaniyang kapuwa." (Exodu 22:7-9 KJV)*** Anumang ang suliranin at isyung kinakaharap ng mga tao dadalhin sila sa Banal na Kasulatan na haharap sa parehong isyu at palalawakin ito sa kanila at ibibigay sa kanila ang daan upang ipatupad ang kalooban at pasya ng Dios.

***"16 Pagka sila'y may usap ay lumapit sa akin; at aking hinahatulang isa't isa, at aking ipinakikilala sa kanila ang mga palatuntunan ng Dios, at ang kaniyang mga kautusan." (Exodu 18:16 KJV)*** Nilinaw dito ni Moises na ang mga taong lumalapit sa kanya ay dahil sa tiyak na mga bagay, isyu at kaguluhan na kinakailangang malutas, at may mga bagay na kailangan niyang hatulan sa pagitan ng isa't isa, at sinabi niya kaya ginagawa niya iyon sa pamamagitan ng pagpapaalam sa kanila ng Salita ng Dios at ng Kanyang mga kautusan na magpapaunawa sa kanila ng kalooban ng Dios at kung ano ang kailangan Niya mula sa kanila at kung paanong magpatuloy sa paglutas ng tiyak na mga usapin at kung ano ang karapatan ng bawat isa sa kanila na makakatulong upang ayusin ang kanilang di pagkakaunawaan.
***"17At sinabi ng biyanan ni Moises sa kaniya, Ang bagay na iyong ginagawa ay hindi mabuti." (Exodu 18:17 KJV)*** Ang ginagawa ni Moises ay mabuti, ngunit iyon ay hindi mabuti dahil ginagawa niya itong mag-isa at

binabata ang lahat ng pighati nang nag-iisa sa pamamagitan ng kanyang sarili. Kapag bitbit mo ang pananagutan nang nag-iisa, mas lalo kang nabibigatan, Sinabi ni Jesus, ***"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin." (Meteo 11:28 KJV)*** Ang simbahan na ipinaloob ka ay ang katawan ni Cristo at ang mga namumuno ng simbahan ay nariyan upang tulungan ang mga tao na bitbitin ang kanilang mga pasanin sa buhay at kung paanong pamahalaan ang mga ito. Sila ay nariyan upang tulungan ka. Kapag ang mga tao ay lumapit ng kanilang mga problema sa simbahan na katawan ni Cristo, sila'y lumalapit sa Panginoon JesusCristo Mismo.

***"18 Tunay na ikaw ay manghihina, ikaw at ang bayang ito, na nasa iyo: sapagka't ang bagay ay totoong mabigat sa iyo; hindi mo makakayang magisa." (Exodu 18:18 KJV)*** Ang sinasabi niya sa kanya na kapag ginawa niya iyon ay mapapagod siya at ang mga taong kasama niya. Pati na rin sa kanyang karagdagang paliwanag ay nilinaw na ang pasanin ay dapat ibahagi upang hindi ito mabigat na dalhin, at sa puntong ito ay maaari tayong tumulong ang pangangailangan ng simbahan sa pagtulong sa mga tao na gumawa ng tamang desisyon upang ang kanilang mabigat na pasanin ay mas mababa. Ang mga tao sa kanilang mga problema ay kakailanganin ng isang tiwala na karapat dapat na tao na tutulong sa kanila na bigyan sila ng makadiyos na solusyon upang malutas ang kanilang mga problema, upang ipagdasal sila at gabayan sila.

***"19 Dinggin mo ngayon ang aking tinig; papayuhan kita, at sumaiyo nawa ang Dios: ikaw ang maging tagapagakay sa bayan sa harap ng Dios, at dalhin mo ang mga usap sa Dios." (Exodo 18:19 KJV)*** Dito ang biyenan ni Moises ay pinagtibay ang kanyang payo na si Moises ang pinunong hinirang ng Dios, at siya ang aakay sa mga tao patungo sa Dios, na dadalhin niya ang kanilang mga problema, pagtatalo sa Dios upang patnubayan sila na gumawa ng tamang desisyon upang maging sa ganap na kalooban ng Dios. Ganoon din ngayon sa Bagong Tipan, dapat gawin din ito ng mga lider ng Simbahan ng Dios para sa mga tao at tulungan sila sa kanilang mga pakikibaka sa buhay at turuan sila sa paggawa ng tamang desisyon.

***3. Tulungan ang mga taong mag-pasya: "20 At ituturo mo sa kanila ang mga palatuntunan, at ang mga kautusan, at ipakikilala mo sa kanila ang daang nararapat lakaran, at ang gawang kanilang nararapat gawin." (Exodu 18:20 KJV)*** Bilang isang simbahan ginagawa natin iyan sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng Salita ng Dios at ng Kanyang mga utos at tagubilin na tutulong sa kanila na gawin ang tamang desisyon.

***4. Ipakita sa mga tao ang paraan para mamuhay: "20 At ituturo mo sa kanila ang mga palatuntunan, at ang mga kautusan, at ipakikilala mo sa kanila ang daang nararapat lakaran, at ang gawang kanilang nararapat gawin." (Exodo 18:20 KJV)*** * Dapat ituro ng simbahan sa mga tao ang paraan ng buhay na kailangan nilang sundan. Ang pananagutang ito ay upang ituro sa kanila na dumaan sa makipot na daan na mag-aakay sa buhay. ***"14 Sapagka't makipot ang pintuan, at makitid ang daang patungo sa buhay, at kakaunti ang nangakakasumpong noon." (Mateo 7:14 KJV)*** * Ang makipot na pintuan at ang makipot na daan ay paghihigpit, pagdurusa at sakit, ngunit ito ay hahantong sa buhay. * Kailangan nating turuan at ipakita sa mga tao ang paraan ng kanilang pagtatrabaho, pamumuhay, paraan ng paggastos ng pera, pag-uugali nila sa mga tao, paraan ng paglilingkod sa Dios, paraan ng pagiging mabuting mamamayan, paraan ng pagkakaroon ng pamilya, paraan ng pagiging mabuting magulang at paraan ng pag-aalaga sa mga anak at pagdidisiplina sa kanila, atbp.

***5. Upang maipakita sa mga tao ang kanilang mga tungkulin at gawain na kailangan nilang makamit: "20 At ituturo mo sa kanila ang mga palatuntunan, at ang mga kautusan, at ipakikilala mo sa kanila ang daang nararapat lakaran, at ang gawang kanilang nararapat gawin." (Exodu 18:20 KJV)*** Ang tao ayon sa Salita ng Dios ay mayroong iba't ibang pananagutan at tungkulin na nakatuon sa Dios, sa kanyang pamilya, sa simbahan, sa kanyang gawain, sa lipunan, sa bansa at sa bansang kanyang tinitirhan. Ang responsibilidad ng simbahan ay ipakita at bigyan ang bawat indibidwal ng bayan ng Dios ng malinaw na listahan ng kanyang mga responsibilidad na kailangan niyang gampanan. * Ang pinuno ng simbahan ay dapat umupo sa tabi ng bawat miyembro ng kanyang kapisanan at magbigay ng malinaw na listahan ng mga responsibilidad na kailangan niyang makamit. Pagtuturo sa kanila ng partikular na mga tungkulin na kailangan nilang gawin at ang kanilang partikular na mga responsibilidad. Ito ang pagdikta, at kinamumuhian iyon ng mga tao, ngunit itinakda ito ng Dios para sa kapakanan at kaligtasan ng mga tao.

***6. Upang pumili ng mga may kakayahang lalaki mula sa lahat ng tao: "21 Bukod dito'y hahanap ka sa buong bayan ng mga taong bihasa, gaya ng matatakutin sa Dios, na mga taong mapagpatotoo, na mga napopoot sa kasakiman; at siyang mga ilagay mo sa kanila, na magpuno sa mga lilibuhin, magpuno sa mga dadaanin, magpuno sa mga lilimangpuin, at magpuno sa mga sasangpuin." (Exodo 18:21 KJV)*** Iyon ang eksaktong ginawa ni Moises: ***"15 Sa gayo'y kinuha ko sa inyo ang mga pangulo ng inyong mga lipi, na mga taong pantas, at kilala, at akin silang ginawang pangulo sa inyo, na mga punong kawal ng libolibo, at mga punong kawal ng mga daandaan, at mga punong kawal ng mga limangpu-limangpu, at mga punong kawal ng mga sangpu-sangpu, at mga pinuno ayon sa inyong mga lipi. 16 At aking pinagbilinan ang inyong mga hukom nang panahong yaon na sinasabi, Inyong dinggin ang mga usap ng inyong mga kapatid, at inyong***

***hatulan ng matuwid ang tao at ang kaniyang kapatid, at ang taga ibang lupa na kasama niya. 17 kayong magtatangi ng tao sa kahatulan; inyong didinggin ang maliliit, na gaya ng malaki: huwag kayong matatakot sa mukha ng tao; sapagka't ang kahatulan ay sa Dios: at ang usap na napakahirap sa inyo, ay inyong dadalhin sa akin, at aking didinggin." (Deutronomio 1:15-17 KJV)*** Ang ginawa ni Moises ay utos ng Dios na gawin iyon, ***"18 Maghahalal ka sa iyo ng mga hukom at ng mga pinuno sa lahat ng iyong mga pintuang-daan, na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios, ayon sa iyong mga lipi: at sila'y hahatol sa bayan ng matuwid na paghatol." (Deutronomio 16:18 KJV)***

***** Ito ang tunay na responsibilidad ng simbahan na pumili ng mga may kakayahang lalaki na may mahigpit na pamantayan upang magsilbing mga hukom at pinuno sa iba na may pananampalataya. Ang mga piling pinunong iyon ay kailangang may takot sa Dios, namumuhay ayon sa katotohanan, tapat, napopoot sa di tapat na pakinabang at napopoot sa kasakiman. * Pati na rin, ang pananagutan ng simbahan ay magtatag ng susunod na salinlahi at mga pinuno sa hinaharap upang manguna sa mga kawan sa lahat ng mga pangako ng Dios. Sinanay ni Jesus ang pitumpu't dalawang disipulo at ang labindalawang apostol, kalaunan ay sinanay ng mga apostol ang iba na mamuno. Sinabi ni Pablo kay Timoteo ang sumusunod: ***"2 At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba." (2 Timoteo 2:2 KJV)*** Kaya kapag natanggap na natin ang mga tagubilin, at nasanay, kailangan nating ituro, idisipulo, at sanayin ang ibang magagawa ba magturo at gumawa ng mga disipulo na may kakayahang magsanay sa iba.

***"22 At pahatulan mo sa kanila ang bayan sa buong panahon: at mangyayari, na bawa't malaking usap ay dadalhin nila sa iyo, datapuwa't bawa't munting usap, ay silasila ang maghahatulan: sa ganyan ay magiging magaan sa iyo, at magpapasan silang katulong mo." (Exodu 18:22 KJV)*** Ito ang mga tagubilin sa mga hinirang na hukom na sila ang hahatol para sa mga tao at tutulungan silang lumakad sa tamang desisyon, ngunit ang dakilang bagay na dapat nilang dalhin kay Moises, dahil iyon ang magbabawasan ng pasanin sa kanila, at na hahawakan nila ang gayong mga dakilang kaso sa mas mahusay na paraan at may mas kaunting tensyon at walang mga pagkakamali. Samantalang ang mga maliliit na kaso ay kaya nilang gawin mag isa dahil ang maliliit na bagay ay hindi magdudulot ng pasanin sa kanila, at iyon ang maitutulong nila kay Moises. Ang paghawak sa malalaking kaso lamang ay magdudulot sa kanila na magkamali at maaaring gumawa ng maling desisyon kaya kailangan nilang dalhin kay Moises.

***"23 Kung gagawin mo ang bagay na ito, at iuutos sa iyong ganyan ng Dios ay iyo ngang mababata, at ang buong bayan namang ito ay uuwing payapa." (Exodu 18:23 KJV)*** Dito nang ibinagi ni Moises ang pananagutan sa tamang paraan, ang pasanin at ang bigat ay mababawasan sa kanya. Pati na rin kapag ang mga miyembro ng simbahan ay nagbabahagi ng kanilang mga pasanin sa mga pinuno ng simbahan ang pasanin ay mababawasan sa kanila dahil ang ibang tao ay magdadala sa mga ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng Salita ng Dios, ang kalooban ng Dios, sa pamamagitan ng pagdarasal para sa kanila at paggabay sa kanila at pagdidisiplina sa kanila na gawin ang nais ng Dios mula sa kanila.

***"24 Sa gayon, ay dininig ni Moises ang kaniyang biyanan, at ginawang lahat yaong sinabi." (Exodu 18:24 KJV)*** Si Moises ay sumunod at pinagpala. ***"25 At pumili si Moises ng mga lalaking bihasa sa buong Israel, at ginawa niyang pangulo sa bayan, na mga puno ng lilibuhin, mga puno ng dadaanin, mga puno ng lilimangpuin, at mga puno ng sasangpuin." (Exodu 18:25 KJV)*** Nagtalaga si Moises ng mga pinuno ng mga pangkat, at sa laki ng mga pangkat ay magkakaiba. Sa parehong paraan ang mga pangkat o ang mga kapisanan sa simbahan ay magkakaiba sa laki ngunit ang prinsipyo ng pamahalaan ay pareho, na dapat magkaroon ng isang mapagkakatiwalaang karapat dapat na mga pinuno na susunod sa mga tagubilin at mag uulat ng mga malalaking kaso bago kumuha ng anumang desisyon. Kami bilang Church of God UAE, sinusunod namin ang mga ganyan sa aming pamumuno.

Gayundin para sa iyo ngayon kung ikaw ay susunod at bubuksan ang iyong buhay sa pinuno ng simbahan pagkatapos ay ipaalam niya sa iyo ang tungkol sa kalooban ng Dios at ikaw ay pagpapalain.

Ang simbahan ay isang mataas na organisadong buhay na istraktura na binubuo ng tao at iyon ay tayo at gayundin ng banal na kung saan ang Dios ay nananahan sa atin sa Banal na Espiritu, at si Jesus ang pinuno ng simbahan. Ang Dios ang namamahala sa Kanyang simbahan sa pamamagitan ng Kanyang Salita at nagbibigay ng malaking responsibilidad at gawain sa mga pinuno ng simbahan gayundin ang pagbibigay sa kanila ng kapangyarihan na tulungan sila sa kanilang paglilingkod sa Dios at sa Kanyang bayan.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Lumapit tayo sa Panginoon. Magpakumbaba sa harapan ng Dios at tanggapin ang itinakda ng Panginoon para sa iyo. Tanggapin na mapasaloon ng itinakdang sistema na inilagay ka ng Dios, upang magtanong sa Kanya at tanggapin ang katarungan ng Dios sa iba't ibang mga isyu at hindi pagkakaunawaan, upang lumapit sa mga pinuno ng simbahan at magtanong mula sa kanila tungkol sa katotohanan ng Salita ng Dios, at tanggapin at ipatupad ang kanilang desisyon at patnubay. Ipagkatiwala natin

ang ating sarili bilang simbahan na tulungan ang mga tao at turuan sila ng Salita ng Dios at tulungan sila na gumawa ng tamang pasya na malulugod ang Dios sa kanilang buhay.

Lumapit ngayon sa Panginoon sa pagsisisi, talikuran ang iyong mga kasalanan at ang iyong mga lakad at lubos na ipagkatiwala ang iyong sarili sa Panginoon at sa Salita na iyong tinanggap ngayon at tumalima at sundin at manatili sa turo ng Dios at sa mga alintuntuning inilagay Niya para sa iyo upang gumawa ng tamang desisyon, sa gayo'y ang iyong pasanin ay dadalhin at ikaw ay aakayin sa buhay at buhay nang lubusan, pati na rin ang magagawa mong mamuno sa iba at tulungan sila sa kanilang mga pasanin at gabayan sila na gumawa ng tamang desisyon.

Manalangin tayo.

***Ang aking Panalangin:*** Ama Diyos ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na malinaw na nagpakita sa akin kung paano matutulungan ng simbahan ang mga tao at gabayan sila upang gumawa ng tamang desisyon. Panginoon salamat sa pagpapakitang malinaw sa akin ng mga praktikal na bagay na maaari kong ipamuhay sa buhay ko at sa buhay ng simbahan at ministeryo.

Ngayon ay ipagtapat ang iyong mga kasalanan at itakwil ang mga ito. Ipagtapat at talikuran ang iyong kamunduhan, ang iyong kasakiman at ang iyong pagmamahal sa pera. Ipagtapat ang iyong mga kasinungalingan at maging di tapat, ipagtapat ang iyong galit at masamang ugali at ipagtapat ang iyong pagnanasa at imoralidad. Ipagtapat ang iyong kawalan ng takot sa Dios, paggawa ng iyong sariling kalooban at plano. Ipagtapat ang iyong katiwalian at ang iyong mga kawalang katarungan. Ipagtapat ang pagiging mapagsarili at ayaw magpakumbaba at lumapit at humingi ng payo at bilin sa simbahan at sa mga pinuno ng simbahan. Panginoon patawarin mo ako nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan ____________________________________.

Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa mga alituntunin na natutunan ko mula sa mensaheng ito. Panginoon Ipinangako ko ang Aking sarili na ipaalam sa simbahan ang mga problemang pinagdadaanan ko at hinahanap mula sa kanila iyong kalooban. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili sa makaBibliyang solusyon na malinaw na ipinapakita ng iyong Salita kung paano mapagtagumpayan ang aking mga problema. Panginoon tulungan mo akong patuloy na dumaan sa makipot na daan at makipot na pintuan, Panginoon protektahan mo ako mula sa mga gumagawa ng masama at ilaan ang lahat ng aking kailangan. Panginoon dalangin ko na tulungan mo ako na gumawa ng tamang pasya sa bagay na ito -_______________________________________

Panginoon salamat sa lahat ng mga kapatid ko na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at nagpakumbaba at bumalik sa iyo at sa inyong simbahan. Panginoon tulungan mo sila na malutas ang kanilang mga problema at mailabas sila sa mga problemang kinakaharap nila. Panginoon tulungan mo kami bilang isang simbahan na gabayan sila sa iyong kalooban at tulungan silang gumawa ng tamang desisyon na kailangan nilang gawin sa kanilang buhay. Pangioon punumbalin silang lubos sa at tulungan mo silang magpatuloy at maglingkod sa iyo.

Panginoon, dalangin ko para sa amin bilang isang simbahan na tulungan kami, protektahan, at maglaan para sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain at iyong kalooban. Panginoo patnubayan mo kami na tulungan ang mga tao sa pagbibigay sa kanila ng iyong kalooban, na ipinapaliwanag sa kanila ang paraan ng pamumuhay at ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad. Panginoon patnubayan mo kami na pumili ng mga taong may kakayahan at tapat, na natatakot sa iyo, hindi sakim sa pera kundi handang maglingkod at tumulong sa iba. Panginoon bigyan mo kami ng karunungan upang mahawakan ang ilang mga mahirap na isyu at upang malaman mula sa iyo ang mga solusyon para sa mga ito. Panginoon dagdagan mo ang aming pagibig sa iyo at sa iyong bayan at sa iyong gawain. Panginoon ipinapangako namin sa aming sarili na magparami ng higit pa sa bunga ng Banal na Espiritu sa aming buhay, pag ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapakumbaba, pagpipigil sa sarili, pagtitiis, pagtitiyaga, mahabang pagtitiis, pananampalataya at katapatan upang magpatuloy at maglingkod sa iyo sa mas mahusay na paraan at upang makita ng iba si Jesus sa ating buhay. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy at maglingkod sa iyo, mag evangelio, gumawa ng mga bagong disipulo, magsanay ng mga bagong manggagawa, at magtanim ng mga bagong pag aaral sa Bibliya at mga kongregasyon para sa simbahan at upang maabot ang mga bagong tao at bagong lugar. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palakihin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Paano Gumawa ng Tamang Pagpapasya Yugto 9. Paano Tumutulong ang Simbahan sa mga Tao. Exodo 18:13-25. Deuteronomio 17:8-13. Mateo 18:15-17. Levitico 19:15. Ezekiel 44:23. Exodo 21:1-6. Exodo 21:22. Exodo 22:7-9. Mateo 7:14. Deuteronomio 1:15-17. Deuteronomio 16:18. 2 Timoteo 2:2.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com